KASANAYAN SA PAGBASA

Linangin Mo

Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari

Ang mga pangyayari sa isang kwento ay **may tamang pagkakasunod-sunod**. Mahalagang mailahad sa tamang pagkakasunod-sunod ang mga pangyayari para sa lubos na pag-unawa sa kwento.

Pagsasanay 3: Iayos ang mga pangyayari sa binasang kwento ayon sa tamang pagkakasunod-sunod. Isulat ang bilang **1–10** sa mga patlang.

____ Napagod at nauhaw ang magkakalaro.

____ Sinigawan siya ng mga nakapilang mag-aaral.

____ Sinabihan siya ng mga kalaro na hwag sumingit sa pila.

____ Rises. Masayang naglalaro ng habulan sina Juliana, Rika, Chito at Ricky.

____ Tumungo sila sa *drinking fountain*.

____ Hindi siya nakinig at sumingit nga sa mahabang pila.

____ Napahiya at umiiyak siyang bumalik sa mga kalaro.

____ Nagsisi si Juliana at nangakong hindi na muli magiging madaya.

____ Sinabi ni Juliana na sisingit siya sa pila.

____ Nakita nilang mahaba ang pila ng mga mag-aaral na gusto ring uminom.

LIVEWORKSHEETS